

SARILING PAGPAPASYA

Pagpili ng Iyong Provider ng Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Pananalapi (Financial Management Services, FMS)



Sa California, mayroon ka o ang iyong mga mahal sa buhay ng pagpipilian, kalayaan, at kontrol.

Sa pakikipagtulungan sa grupo ng iyong mga tagasuporta — kabilang ang iyong pamilya, mga kaibigan, at maaaring kasama ang isang independent facilitator, tagapagplanong nakatuon sa indibidwal, at/o tagapag-ugnay ng serbisyo ng iyong Rehiyonal na Sentro — mabubuo mo ang iyong natatanging plano at budget para matugunan ang iyong mga hangarin sa buhay.

Kasama rito ang **suporta** at **mga serbisyo** na kakailanganin mo. Kinakailangan mong pumili ng provider ng **Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Pananalapi (Financial Management Services, FMS)** upang tulungan kang mamahala at magbayad para sa mga ito **sa iyong ngalan**.



SUPORTA

Tulong sa pang-araw-araw na pamumuhay sa iyong napiling tahanan at pagiging aktibo sa iyong komunidad.



MGA SERBISYO

Mga pondo para sa mga aktibidad at gamit sa loob ng iyong tahanan at sa komunidad na nakakatugon sa iyong mga natatanging pangangailangan.

Maaari itong transportasyon, modipikasyon sa tahanan, pisikal na therapy, pagsasanay para sa kakayahan, at kagamitan.

IYONG TUNGKULIN

Nakadepende ang iyong tungkulin sa modelo ng FMS na kailangan at pipiliin mo. Kung pipiliin mong hindi mag-hire ng mga empleyado para sa **suporta** at kailangan mo lamang ng buwanang suporta sa pagbabayad para sa **mga serbisyo**, nag-aalok ang Public Partnerships | PPL ng isang simpleng "Bill Payer (Tagapagbayad ng Bill)" na modelo.

Nag-aalok din ang PPL ng "Sole Employer" (Nag-iisang Employer) na modelo, na sinusulit ang iyong pagpipilian at kontrol sa kung sino ang nagbibigay sa iyo ng **suporta**, bukod sa pagbabayad para sa iyong **mga serbisyo**.

- ✔ Ikaw (o ang iyong kinatawan) ang employer ng iyong mga manggagawa sa pangangalaga/suporta.
- ✔ Maaari mong i-hire at bayaran ang iyong mga manggagawa sa pangangalaga/suporta, na maaaring kasama ang pamilya o mga kaibigan
- ✔ Ikaw ang bahala sa pagtakda ng antas ng sahod, pag-hire, pagsasanay, pag-iskedyul, pamamahala, at kahit na pagtanggap sa iyong mga manggagawa sa pangangalaga/suporta, kung kinakailangan.
- ✔ Ikaw o ang iyong kinatawan ang mamamahala sa iyong mga inaprubahang serbisyo at makikipag-areglo ng mga gastos para sa mga ito para mapanatili ang iyong kalayaan.

AMING TUNGKULIN

- ✔ Kami ay provider ng Financial Management Services (FMS) na inaprubahan ng iyong Rehiyonal na Sentro
- ✔ Tinutulongan ka naming magpatala sa California Self-Determination Program (Programang Sariling Pagpapasya sa California)
- ✔ Tinutulongan ka naming maghanda para sa tungkulin ng isang employer
- ✔ Tumutulong kami sa pagpapatala ng empleyado at nagsasagawa kami ng mga background check
- ✔ Binabayaran namin ang iyong mga buwis at mga buwis sa payroll ng iyong mga manggagawa sa pangangalaga/suporta sa iyong ngalan
- ✔ Nag-aalok kami sa iyo ng insurance para sa pananagutan ng employer at pinsalang may kinalaman sa manggagawa
- ✔ Nagbibigay kami ng monthly statement para tulungan kang pamahalaan at subaybayan ang iyong plano ng paggastos
- ✔ Nagbabayad kami para sa iyong mga serbisyo, aktibidad, at gamit sa iyong ngalan
- ✔ Narito kami upang tulungan ka sa iyong paglalakbay sa sariling pagpapasya

Ang Aming Buwanang Singil Sa Iyo

Bayaran mo ang aming mga buwanang singil mula sa iyong natatangi at inaprubahang budget sa SDP. Ang aming mga singil **ay regular, na itinatakda ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pagpapaunlad (Department of Developmental Services, DDS)**, at nakadepende sa modelo at bilang ng mga serbisyo na kailangan at pipiliin mo.

\$50-\$100 kada buwan para sa *Bill Payer* | \$110-\$150 kada buwan para sa *Sole Employer*

public partnerships



Your #1 choice for self directed care™

IMPORMASYON TUNGKOL SA PPL *sa isang sulyap*

Nakatuon kami sa pagbabayad para sa iyong suporta at mga serbisyo nang nasa tamang oras sa loob ng iyong inapubahang plano at budget sa paggastos. Sa ganoong paraan, panatag ang iyong isipan at maaari mong pagtuunan kung ano ang pinakamahalaga – ang iyong pamumuhay!



FMS na may pinakamaraming karanasan



Higit sa 20 taon ng pagbuo ng **tiwala at pagiging maaasahan** sa pamamagitan ng pagtataguyod ng pagpipilian at pagkakaroon ng kalayaan



Nagbibigay ng mga serbisyo ng FMS sa California **simula 2012**



Lubos na pamilyar sa **mga tuntunin at regulasyon** kaugnay sa SDP



Ang pinakamalaking FMS, na nangangahulugang ito ay lokal at maaasahan mo at ng iyong mahal sa buhay



Pinagilingkuran ang pinakamaraming estado, kalahok, at provider



Doble ang bilang ng mga agent ng serbisyo sa customer kumpara sa aming pinakamalapit na kakumpitensiya

200+

Higit sa 200 miyembro ng team ng serbisyo sa customer na nakapagsalita ng dalawang wika



Napatunayang kakayahan sa **pagkilos sa oras ng krisis** o natural na sakuna



Iniiisip ang pagpapakilala ng bagong serbisyo para patuloy na mapadali ang mga bagay para sa iyo – sa iyong mahal sa buhay, iyong suporta at mga provider ng serbisyo

24/7

Nagbibigay ng nangunguna sa industriya na **24/7 na web portal upang matulungan** ka – **BetterOnline™**



Nag-aalok ng madaling dalhin, madaling gamitin, at secure na **mobile app** para sa pagpasok at pag-apruba ng oras – **Time4Care™**



Naghahatid ng **mas maraming pera** sa mga balsa ng iyong mga manggagawa sa pangangalaga/suporta sa bawat panahon ng pasahod kumpara sa katapusan ng taon ng pagbubuwis¹



Online na access/pagkuha sa **mga W-2 tax form** at pagpapatunay ng impormasyon tungkol sa trabaho



Sumusuporta sa mga eksemsiyon sa buwis para sa **Difficulty of Care (Kahirapan ng Pangangalaga)** at **Live-In (Kasamang Naninirahan)** na maaaring mapataas ang inuuwing sahod ng manggagawa¹



Available ang mga opsyon ng **pagbabayad gamit ang debit card** para bayaran ang mga manggagawa sa pangangalaga/suporta



Palaging nakikingin at natututo, upang mas mahusay na mapaglingkuran ka – ang iyong mahal sa buhay

A+

Pinapanatili ang aming **A+ BBB na rating** sa pamamagitan ng mabilis pagtugon at 12 oras na pang-araw-araw na pagsubaybay gamit ang social media.

Determinado ang Public Partnerships | PPL na gamitin ang aming laki, karanasan, at lumalagong kakayahan upang patuloy na mamuhunan sa aming misyon na baguhin ang mas maraming buhay sa CA sa pagpapadali ng self-determination o sariling pagpapasya para sa lahat.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin kami sa www.publicpartnerships.com at hilinging makipag-usap sa isa sa aming mga dedikadong eksperto sa CA SDP.

¹ Nakamit sa pamamagitan ng aming nangungunang pakikipagtulungan sa IRS para sa "Difficulty of Care" na income exclusion (pagbubukod ng kita)